# Huwag kalimutang magbayad ng Resident Tax！




## Ano ba ang Resident Tax？

Ang Resident Tax ay isang uri ng buwis na dapat bayaran ng mamamayan na naging residente ng Japan mula sa araw ng Enero 1 na may pinagkakakitaan (income).

## Pagbabayad ng Resident Tax

Ang halaga ng babayarang resident tax ay base sa buong halaga ng kita o sweldo simula Enero 1 hanggang Disyembre 31 nang nakaraang taon. May 2 paraan ng pagbabayad nito.

❶





### "Espesyal na pagkolekta" - Ibabawas sa sweldo

Ito ay ibabawas ng pinagtatrabahuhang kompanya mula sa iyong sweldo at derektang ibabayad sa munisipalidad. Ang "Espesyal na pagkolekta" ay partikular sa mga empleyado ng kompanya kaya hindi na kailangang magbayad mismo sa munisipalidad.

*Kung hindi alam na ito ay "Espesyal na Pagkolekta" tingnan kung nakasulat sa iyong payslip. Subalit kung hindi parin malaman, mangyaring magtanong sa kompanyang pinagtatrabahuhan.。

❷




### "Normal na Pagkolekta" - Ikaw mismo ang magbabayad

Tuwing kabuwanan ng Hunyo, ang munisipalidad ay magpapadala ng payment slip na babayaran sa banko o convenience store.

Maaari ring bayaran sa pamamagitan ng bank transfer o bank account withdrawal ngunit kailangan ng pag aplay nito.

*"Isang bayaran (1 beses/1 taon)"o kaya ay "Installment (4beses/taon)" kung hirap magbayad kahit installment, mangyaring kumunsulta sa tax section ng tinitirahang munisipalidad.
*Para sa pag aplay ng bank account withdrawal, mangyaring kumunsulta sa tinitirahang munisipalidad.

### Kung hindi nakabayad ng Resident Tax..



Isa sa mga requirements sa renewal ng status of residence o iba pang pang proseso sa imigrasyon. Ang hindi pagbabayad ng resident tax ay makakasagabal at hindi magdudulot ng magandang resulta sa inyong aplikasyon.

※ lalo na sa pag aplay ng 「Permanent Resident」na napaka istrikto.

## Kung aalis sa Japan

### A）Kung nagbayad sa pamamagitan ng "Espesyal na pagkolekta"

Kung titigil sa trabaho at aalis sa Japan, ang hindi pa nabayarang resident tax ay ikaw mismo ang magbabayad (Normal na pagkolekta) o ibabawas ng kompanya sa iyong sweldo o retirement allowance para ibayad nang 1 bayaran sa munisipalidad.



### B）Kung nagbayad sa pamamagitan ng "Normal na Pagkolekta"

Kung hindi mababayaran ang resident tax sa pamamagitan ng 「Normal na Pagkolekta」 hanggang sa araw ng pag alis sa Japan, mag assign ng tax agent na residente ng Japan at kailangang ipaalam ito sa tinitirahang munisipalidad bago lumisan. Ang tax agent ang magiging iyong kinatawan upang mag asikaso ng iyong resident tax., mula sa pagtanggap ng notipikasyon hanggang sa pagbabayad nito.

### Daily Life Support Portal for Foreign Nationals「Tax」




Website ng Ahensya ng Imigrasyon na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pangunahing patakaran at sistema ng「tax」na nasa iba't ibang wika.

www.moj.go.jp/isa/support/portal/tax.html

Ingles, Intsik, Koreyano, Vietnamese, Tagalog, Indonesia, Nepal, Thai, Myanmar, Kastila, Portuguese,Khmer, Mongol、Turkish, Ukraine.

**Para sa interpretasyon sa pagkonsulta, mangyaring tumawag sa Hokkaido Foreign Resident Support Center。**

Ingles,Intsik Koreyano, Vietnamese, Tagalog, Thai, Ruso, Kastila, Portuguese, Nepal, Indonesia, Myanmar, Khmer

www.hiecc.or.jp/soudan　support@hiecc.or.jp　TEL: 011-200-9595　CELL: 090-9089-9595